# Programa sa Bakuna sa mga Paaralan ng Alberta

## Ano ang dapat malaman ng mga magulang tungkol sa mga bakuna na iniaalok sa mga paaralan.

### Anong mga bakuna ang ibinibigay sa paaralan at sa aling baitang ?

| Antas | Pangalan ng Bakuna | Bilang ng mga Dosis |
|---|---|---|
| **Ika-6 na Baitang (edad 11-12 taong gulang)** | Bakuna sa Hepatitis B (HBV) | 2 dosis, anim na buwan and pagitan sa bawat dosis |
| | Bakuna para sa Kulugo ng Tao [Human Papillomavirus (HPV-9)] | 2 dosis mahigit sa 6 buwan sa Ika-6 na Baitang |
| **Ika-9 na Baitang (edad 13-15 taong gulang)** | Bakuna sa dipterya, Tetano, Acellular Pertussis at (dTap) | 1 dosis sa Ika- 9 na Baitang |
| | Mga bakuna ng Meningococcal Conjugate A, C, Y, W- 135 (MenC-ACYW) | 1 dosis sa Ika-9 na Baitang |

### Paano nakakatulong ang programa ng pagbabakuna sa paaralan?

- Ipapadala sa inyo ng paaralan ang mga petsa kung kailan magpapabakuna.
- Mag-uuwi ng form ang iyong anak na kailangan mong sulatan at pirmahan para sa bawat bakuna.
- Kakailanganin mong magbigay ng impormasyon kabilang na ang anumang alerhiya at mga kondisyong medikal.
- Sa araw na bakuna, ang mga nars ng pampublikong kalusugan ay magpupunta sa paaralan ng iyong anak at aayusin ang malinis , ligtas na silid kung saan nila ibibigay ang mga bakuna sa mga mag-aaral.

### Ano ang gagawin ko kung hindi nakapagpabakuna ang aking anak sa paaralan?

- Kung hindi nakapagpabakuna ang inyong anak sa paaralan, makipag-ugnayan sa kanilang nars sa paaralan.
- Kung ang iyong anak ay lumipat sa mataas na baitang, tumawag sa 8-1-1.

### Ano ang natutuhan ng aking anak tungkol sa mga bakuna sa paaralan?

- Ang mga mag-aaral ay mayroong aralin tungkol sa mga bakuna at kung paano gumagana ang mga ito sa iyong katawan.
- Ang mga mag-aaral ay tinuturuan kung paano maging handa sa araw ng bakuna.
- Ang mga mag-aaral ay pinapayagang magtanong sa oras ng kanilang pag-aaral.

### Paano maaapektuhan ng mga bakunang ito ang aking anak?

- Ang bawat bakuna ay may ibat'ibang epekto.
- Ang nars ay susubaybayan ang inyong anak sa paaralan sa loob ng 15 minuto pagkatapos ng bakuna.
- Karaniwan lang na makaramdam ng pagkakasakit pagkatapos ng bakuna.
- Ang iyong anak ay maaaring makaranas ng: lagnat, pamamaga, pamumula, o pananakit kung saan binakunahan.
- Maaari kang magbigay ng malamig, basang bimpo sa lugar na binakunahan.
- Maari mong bigyan ang iyong anak ng gamot sa pananakit at lagnat.

### Saan ako makakakuha ng mas maraming impormasyon tungkol sa mga bakuna sa paaralan?

- Tumawag sa opisina ng paaralan ng inyong anak kung ikaw ay may katanungan tungkol sa programa sa pagpapabakuna.
- Bisitahin ang website na ito para sa karagdagang kaalaman tungkol sa mga bakuna sa paaralan: https://myhealth.alberta.ca/Topic/Immunization/Pages/school.aspx